# Mga Katotohanan sa Bakuna sa COVID-19: Pagdadalang-tao at Pagpapasuso




## BAKIT KAILANGANG MAGPABAKUNA PARA SA COVID-19



- **Ang pagpapabakuna ay ang PINAKAMAHUSAY na paraan para protektahan ang iyong bagong panganak** laban sa malubhang mga problema mula sa COVID-19. Kapag ikaw ay nabakunahan, naipapasa mo ang iyong proteksyon laban sa COVID-19 sa iyong sanggol bago sila ipanganak.
- **Pinabababa ng pagpapabakuna ang iyong panganib na magkasakit ng malubha sa COVID-19 habang nagdadalang-tao.** Ang mga nagbubuntis na taong may COVID-19 ay mas malamang na lubhang magkasakit at mahospital o manganak nang maaga kaysa sa iba na walang COVID-19.
- **Ang bakuna sa COVID-19 ay binago para pumrotekta laban sa kasalukuyang umiikot na mga uri ng COVID-19**. Ang bakuna ay inirerekomenda habang nagbubuntis at nagpapasuso ng lahat ng pinakamalalaking organisasyon ng kalusugan ng mga ina.

## KAILAN MAGPAPABAKUNA



Napakaimportante na manatiling napapanahon sa iyong bakuna sa COVID-19 kapag ikaw ay nagbubuntis.

- Makakakuha ka ng binagong bakuna sa COVID-19 **sa anumang yugto ng iyong pagbubuntis at kapag ikaw ay nagpapasuso**.
- **Maaari mong makuna ang bakuna sa COVID-19 sa parehong oras ng iba pang mga bakuna** na inirerekomenda habang nagbubuntis, kabilang ang trangkaso, Tdap, at RSV.

## LIGTAS ANG MGA BAKUNA PARA SA MGA TAONG NAGBUBUNTIS

- Ang mga pag-aaral at pagsusubaybay sa kaligtasan sa maraming tao na nabakunahan na habang sila ay nagbubuntis ay nagpapakita ng walang pagtaas ng panganib sa mga komplikasyon ng pagbubuntis o mga depekto sa kapanganakan.
- Wala sa mga bakuna sa COVID-19 ang naglalaman ng buhay na virus. Ang mga bakuna ay hindi makapagbibigay ng COVID-19 sa iyo o sa iyong sanggol.



Kung mayroon kang mga tanong, makipag-usap sa iyong doktor. Maaari mo ring tawagan ang 1-866-626-6847, i-text ang 855.999.8525, i-e-mail ang ContactUs@mothertobaby.org o isang pakikipag-usap (chat) sa mothertobaby.org/ask-an-expert.

## SASAKUPIN NG IYONG SEGURONG (INSURANCE ) PANGMEDIKAL ANG GASTOS SA IYONG BAKUNA SA COVID-19.

- Kung wala kang seguro (insurance) o kailangan mo ng tulong makahanap kung saan makakakuha ng iyong bakuna sa COVID-19, bisitahin ang **publichealth.lacounty.gov/vaccines** o i-klik ang MAGPABAKUNA (GET VACCINATED) o tawagan ang **1-833-540-0473**, sa pagitan ng 8 ng umaga – 8 pm ng gabi. Maaari mo ring tawagan ang 2-1-1 o tanungin ang iyong doktor.
- Hindi ka tatanungin tungkol sa kalagayan mo sa imigrasyon kapag ikaw ay nagpabakuna.
- Magagamit din ang pagpapabakuna sa bahay. Para sa mas marami pang impormasyon, bisitahin ang VaccinateLACounty at i-klik ang Mga Bakuna sa Bahay (In-Home Vaccines).

**VaccinateLACounty.com**

County of Los Angeles Public Health

9-14-23 (Tagalog/Filipino)